


ANG BIGLAANG, LIHIM NA PAG-ALIS NG IGLESYA

 Na magagawang paigihin ang pakiramdam ng kahit sino, di po ba, sa isang pagpapakilala na kagaya n'yan? Sige po. Iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon para sa kaunting sandali ng pananalangin bago natin buklatin ang Salita.

² Panginoon, heto't sinasabi po namin kagaya ng mga naroon noon sa una, "Ako'y nagagalak noong sabihin nilang, "Tayo na sa Bahay ng Panginoon." Wala nga kaming matatagpuang ano mang lugar na mas iigi pa, sa araw na ito, kumpara sa maparito kasama ang kongregasyon ng Panginoon, sumasamba. Gayong umuulan, sa labas, at gayong may mga kalumbayan at kung anu-anong mga bagay-bagay, hayan nga't kapag nasa Iyong Presensya po kami, mayroon nga kami nitong ngiti na ito ng kasapatan, na may pagkabatid kami na Iyong nauunawaan at ginagawa ang lahat ng mga bagay na maiayos nang tama para sa amin.

³ Humihiling po kami ng espesyal na pagpapala sa umagang ito para sa mga di makadalo sa gawain. Marami, marahil, ang makadadalo sana kung di lang po sana masama ang panahon. Haya't makasumpong nawa sila ng kaaliwan sa pagbabasa ng Iyong Salita, at sa pakikinig sa mga nagmi-ministeryo sa radyo, at sa mga programang nilayon para sa mga taong ito.

⁴ Hinihiling po namin na bukod-tangi Mo pong pagpalain sila na mga narito ngayon sa Makalangit na Presensya, dahil sa kanilang pagsisikap na makaparito pa rin sa umagang ito, para makapakinig ng Salita ng Panginoon, at ang mapaglingkuran Siya sa Mga Awit at sa—sa pananalangin, at sa pasasalamat.

⁵ At hinihiling namin, Diyos, na Iyo pong hipuin ang mga katawan ng mga tao na may sakit at nangangailangan, na heto pong may pananabik ngayon, na malayo pa ang pinanggalingan para makahiling na sila'y maipanalangin.

⁶ At hinihiling po namin na Iyong sadyang tunghayan kami, at mangusap po sa amin, na kami na mga naparito sa umagang ito ay magawa naming siyasatin ang sarili naming kalagayan. "Iyo pong saliksikin ako," sabi ng isa sa mga propeta, "at Iyo pong subukin ako, at tingnan kung may anupamang kasamaan sa akin." At gayundin, Panginoon, sa pananaliksik, kung Ikaw po'y makasumpong ng kasamaan sa amin, Iyo pong linisin kami nang puspusan, Panginoon, habang may pagpapakumbaba na ipinagtatapat namin ang aming mga pagkakasala't masamang mga gawa.

7 At sadya pong hinihiling namin na Iyong alalahanin kami sa Iyong pagtunguhay kay Jesus, na Iyong Anak, na Siyang namatay para sa kabayaran ng aming mga pagkakasala't aming pagsalangsang. Heto nga na inihahayag namin sa oras na ito na kami'y nananampalataya na Siya'y namatay para sa layuning ito, at nagbangon muli, na anupa't nagkaroon kami ng dakilang pribilehiyo na gawin ito, sa umagang ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

8 At Ikaw nga'y mangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salitang nasusulat, habang tuluy-tuloy kaming naghihintay na makapakinig mula sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus dumadalangin kami. Amen.

9 Tayo po'y magbubuklat na sa mga Kasulatan sa umagang ito para sa pagbasa sa Aklat ng Mga Taga-Tesalonica, sa ika-5 kabanata. At heto rin po sa akin dito 'yung mga humihiling ng panalangin, sa umagang ito, ang listahan po. Na, ipapanalangin natin agad-agad pagkatapos ng gawain na ito ng pangangaral. Sige po't, sa kaunting sandali pong ito, sa inyo na bumubuklat ng inyong mga Biblia, bumuklat po tayo sa Unang Mga Taga-Tesalonica sa ika-5 kabanata, at magbasa pansumandali rito.

10 [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Palabasin na natin 'yung mga bata para sa klase nila sa Sunday school."—Pat.] Pasensya na po pala. Habang ibinubuklat n'yo ang inyong Biblia, ang mga... hindi pa yata napapalabas ang mga bata para sa kani-kanilang mga klase. Sige po't pumunta na kayo sa inyong mga klase, mga maliliit na mga bata't mga kabataan, at sa iba pa. Sige't magpunta na kayo sa inyong mga klase.

11 At habang, sige't kung magagawa n'yo na ngayon, basahin, o bumuklat na kayo sa inyong mga Biblia sa Unang Mga Taga-Tesalonica sa ika-5 kabanata.

12 At kung maaari po na sa lupon ng mga katiwala na narito ngayon sa oras na ito, gusto kong makipagkita sa kanila nang ilang sandali pagkatapos nitong gawain, sa opisina po ng mga diyakono, patungkol sa isang usapin. At kung wala po sila, maaari lamang na may magpaabot sa kanila nito na gusto kong makipagkita sa kanila ngayong gabi, bago lamang ang gawain mamaya, sa opisina ng mga diyakono.

13 Ngayon bilang teksto, gusto ko pong kunin ito bilang teksto sa umagang ito: *Ang Biglaang, Lihim Na Pag-alis Ng Iglesia.*

14 Akin lang... Hayaan n'yong sabihin ko ito uli, dahil wala po akong naging masyadong maraming oras para pagbulayan ang alin man sa mga paksang ito, haya't may pagmamadali po. Atrasado na rin kasi 'yung labas natin kahapon, at di po ako nakauwi agad kagabi't gabing-gabi na po nung makarating. At ako'y nagmamadali papunta rito ngayong umaga, mangyaring dumating lang ito sa isip ko ngayon-ngayon lang. At marahil, sa ilang mga sandali, ay may mahahagip po akong bagay na

ikabubuti ng sino man na nariyan. Gustung-gusto ko po ang paksang ito, “Ang biglaang, lihim na pag-agaw sa Iglesya.” At ngayon sa Unang Mga Taga-Tesalonica po sa ika-5 kabanata.

Datapuwa't tungkol sa mga kapanahunan at ng mga bahagi ng panahon, mga kapatid, hindi ninyo kailangan na isulat ko pa sa inyo ang anoman.

Sapagka't kayo rin ang mga lubos na nangakakaalam, na ang pagdating ng kaarawan ng Panginoon ay gaya ng magnanakaw sa gabi.

Pagka sinasabi ng mga tao, Kapayapaan at katiwasayan; kung magkagayo'y darating sa kanila ang biglaang mga pagkawasak, na gaya ng pagdaramdam sa panganganak ng babaing nagdadalang-tao; at sila'y hindi mangakatatanan sa anomang paraan.

Nguni't kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman, upang sa araw na yaon ay masubukan kayong gaya ng magnanakaw.

Sapagka't kayo...ay pawang mga anak ng kaliwanagan, at mga anak ng araw: tayo'y hindi ng gabi, ni ng kadiliman man;

Huwag nga tayong mangatulog, gaya ng mga iba; kundi tayo'y mangagpuyat at mangagpigil.

Sapagka't ang mangatutulog ay nangatutulog sa gabi; at ang nangaglalasing ay nangaglalasing sa gabi.

¹⁵ Ngayon gusto ko pong bumaling kayo sa katapat na pahina, kung ganoon po ang pagkakalimbag ng inyong Biblia, sa ika-16, ika-17 at ika-18 mga talata ng ika-4 na kabanata ng Unang Mga Taga-Tesalonica.

Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit na may isang sigaw, at may tinig ng arkangel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli:

Kung magkagayon tayong nangabubuhay na nangatitira ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man.

Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito.

¹⁶ Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kanyang banal na Salita.

¹⁷ Isa pong di pangkaraniwang bagay, ang mangusap sa isang paksang gaya nito sa umagang ito na pumarito ako para—para makapa ministryo sa mga maysakit. Pero haya't may mas higit na malubhang sakit kaysa sa sakit sa pisikal. At napaka halaga pong gumaling tayo mismo sa ganoon, sakaling dumating man

ang kritikal na pangyayaring 'yun, na anupa't ang makatulong sa Panginoon, na sa madaling sabi, ang mamatay, gaya po ng nalalaman natin. Mabuti nang nakahanda. Haya't mas pipiliin ko pang maging isang taong may sakit, na handa sa Panginoon, kaysa sa wala ngang sakit, tapos di naman handang sumama sa Panginoon. Pero anupaman, ang Panginoon nga'y nagnanais na kapwa tayo gumaling at nakahanda, sa kaluluwa't sa katawan man. "Sapagkat ipinagpapatawad Niya ang lahat ng ating mga pagsalangsang, at pinagagaling mismo ang lahat ng ating mga karamdaman." Namatay Siya para sa tibalang layon na ito.

¹⁸ At heto nga, binubulay ko sa araw na ito ang paksang ito, "Ang biglaan, at lihim." Gustung-gusto ko ito. Ang Diyos . . .

¹⁹ Ang mga tao nga'y nabubuhay sa panahon na ito, na tila ba bago Pumarito ang Panginoong Jesus, ay haya't magsusugo raw Siya ng isang hukbo ng mga Anghel dito sa lahat ng mga pahayagan, at, mga isang taon bago pa o ilan, na iaanunsyo raw sa buong mundo sa mga pahayagan, na, "Sa *ganito-at-ganoong* petsa, si Jesus ay darating." At 'yun daw ay isasa himpapawid sa radyo, at ipalalabas pa sa mga telebisyon, at sa kung saan-saan pa't lahat daw, 'yung mismong araw raw at mismong oras na paparito Siya. Ngayon ganong po ang paraan na ipinamumuhay ng tao sa panahon ngayon.

²⁰ Pero, Diyos na mismo ang nagsabi sa Kanyang Salita, na, "Ito'y gaya sa isang magnanakaw sa gabi, na darating."

²¹ Kung kaya naman kung ganoon sana 'yun, haya't sasabihin ng mga tao, katulad nga ng iniisip ng sanlibutan ngayon, "Oh, buwen, marami pa namang panahon. Ako'y . . .Tutal nama'y iaanunsyo 'yun." At, pero, kita n'yo, iaanunsyo naman talaga, pero lihim nga lang na pag-aanunsyo. Yun nga'y para lamang sa mga nagnanais na makapakinig dito. Para lamang sa mga nagnanais talaga na nakahandang pakinggan ito't . . .para nga sa mga naghahangad nang may pag-ibig sa Panginoon.

²² Iniisip ko nga ang nabanggit na 'yun ni Pablo nung sabihin niya, "May nakalaan sa akin na putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang tapat na Tagahatol ay ibibigay iyon sa akin sa araw na iyon." At tapos huminto po siya. Napansin n'yo ba? At sabi, "Hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad nang may pag-ibig sa Kanyang pagpapakita!

²³ Kadalasan sa sanlibutan ngayon, haya't iniisip ng mga tao na ang pagpapakita ng Panginoon ay nakakatakot, na kakilakilabot na bagay. Oh, na mangyaring ang mundo'y hahantong na sa . . . "Huwag mo nga akong saysayan ng patungkol diyan," sasabihin nila. Ayaw nilang magkaroon ng kaalaman sa mga bagay na tulad nun. Wala silang pakialam dun; 'yung kung ano lang ang ibinubuhay nila sa pangkasalukuyan ang mahalaga. Pero 'yung mga tao na umiibig mismo sa Panginoon, ay may paghahangad nang may pag-ibig sa Kanyang pagpapakita.

24 Ano kaya kung isa sa mga mahal n'yo sa buhay, lalong-lalo na sa inyo na mga matatanda na, na ang nanay n'yo ay matagal na wala, o tatay n'yo, o anak n'yo, at nasa malayo nga sila nang maraming taon na mismo, at nalalaman n'yo na maaari silang magpakita anumang oras? Aba, lilinisan n'yo nga nang lubos ang bahay. Maghahanda kayo at mag-aantabay pa nga sa daan, para sa, bawat ilaw ng sasakyan na darating, na iniisip n'yo na baka sila na 'yun marahil.

25 Ngayon dapat ngang ganyan na ganyan ang Iglesia sa pag-aantabay nito sa Pagparito ng Panginoon. Yun bang lahat ay nasa kaayusan, lahat ay talagang inihanda, lahat ay tiniyak na inimpake at handang-handa ngang humayo sa mismong oras ng Kanyang pagdating, dahil sa, "Ito'y sa isang saglit, sa isang kisapmata." Sige po't subukan n'yong sukatin kung ganoong kabilis 'yung pagkispap ng inyong mata, ganyan na ganyan pong kabilis ang Pag-agaw sa Iglesia.

26 Alam n'yo, ang kaaway nga'y lagi nitong ginagamit ang siya ring mga taktika na—na ginagamit ng Panginoon. Alam n'yo, noong makita nito na ang Diyos ay magkakaroon ng isang matuwid na Iglesia, at 'yung mga bagay na Kanyang gagawin, ang kaaway nga'y ginamit ang siya ring estratehiya na 'yun. Nagkaroon din siya ng iglesia, at may mga tao rin siya na mga lubos na relihiyoso mismo. At sila nga'y katulad na katulad, na—na mga relihiyosong tao pa mismo, dahil alam ng kaaway na ang Iglesia ni Cristo ay ganoon din.

27 At ganoon din 'yun sa nangyayari sa militar. May binabasa nga akong artikulo di pa katagalan, patungkol sa biglaang pag-atake sa Pearl Harbor. Yun nga'y di maituturing, na ganap, na di nalalamang pag-atake. Binalaan na sila bago pa na gagawin 'yun ng mga Hapon. Pero ang masaklap nga roon, binale-wala lang nila ang babalang 'yun. Nakita na nila mismo na may mga palatandaan na, at hayan pa nga ang hukbo ng mga Hapon na pumuposisyon na sila nang laksa-laksa, at 'yung naglalakihang mga barko'y kinakargahan na ng mga bomba, at 'yung banta'y nasagap na nila mismo sa pagsasahimpapawid. At hayan nga't nakaumang na sila mismo dun sa parating na pagsalakay, pero kanila lamang binale-wala 'yun.

28 Ganyan na ganyan nga ang nangyayari ngayon sa iglesia. Nakaumang na ang iglesia sa parating na paghatol, pero kanila lamang binabale-wala ang Pagparito ng Panginoon. Kaya di n'yo Siya masisisi.

29 Ang kuwento pa nga, nung may bulung-bulungan sa ibayo, sa buong palibot, na sa Pearl Harbor, na ang mga Hapon ay aatake anumang oras, at ang kanilang malaking hukbong-dagat ay nakapalaot na sa katubigan ng karagatan at unti-unti man ang kanilang pag-usad ay haya't nakaumang nang dire-diretso patungong Pearl Harbor, anupa't kanilang tinawanan

lamang 'yun. At ang sabi, "Ah, kalokohan 'yan. Kayong mga mapagtanim ng takot. Kayong mga madaling tubuan ng pag-aalala. Panay panganib 'yang nasa isip n'yo."

³⁰ At nung gabing 'yun, bago lamang ang malakihang pag-atake nung kasunod na umaga, may naganap pang malaking sayawan, o isang malaking kasiyahan pa mismo sa may Pearl Harbor. At kahit ano pang pukpok ang gawin nilang paalala na parating na ang mga Hapon, haya't di sila nakinig sa babala.

³¹ Sige't tingnan natin sila nang ilang minuto. May munting anunsyo na mismo sa radyo na nailathala. At may munting dako sa sulok ng pahayagan, na katulad kapag nag-aanunsyo tungkol sa malakihang gawain ng pagpapagaling, na nasa isang maliit na dako lang, na ang mga Hapon ay paparating na't nasa laot na mismo ng karagatan, na may malaking hukbong-dagat na parating sa direksyong 'yun. "Kalokohan," sabi ng iba. "Di nga kami makukumbinse sa mga bagay na tulad n'yan. Anupa't 'yan pa ang pilit n'yong ipinantatakot sa amin?"

³² At nalaman nga natin, na nung palapit na 'yung gabi, heto't nakikinita ko 'yung dako na 'yun, na sa halip na maghanda sana sila para lumikas mula sa siyudad na 'yun, anupa't, 'yung mga kabataang babae'y nagsisipagbihis pa ng bago nilang mga bestida't, kung anu-ano pa. Papunta nga sila dun sa malaki't engrandeng kasiyahan na pupuntahan nila.

³³ At, mangyari rin, na 'yung mga opisyaales ng Hukbo'y abala sila sa pagpirma ng mumunting mga permit para 'yung mga sundalo'y makapunta lahat sa kasiyahan na 'yun, na malaking kasiyahan ng pag-iinom. At 'yung mga trak ay umuugong at ngumingitngit, dala-dala ang pinaka mainam na serbesa, at mga alak nila roon at kung anu-ano pa, para sa kasiyahan na 'yun. At habang nangyayari 'yun, heto nga ang hukbo ng mga Hapon na nasa laot na mismo papunta dun, at mangyaring bigo sila na pakinggan ang babala.

³⁴ At nung palubog na ang araw, at hayun nga sila na lahat sila'y nagkatipun-tipon sa malaking dako na 'yun ng inuman. Marahil sa isang gilid pa nga'y, naroon 'yung tagapaghalo ng inumin na nagpupunas ng pahabang mesa o kung ano, tapos nagsabi ng parang ganito, "Oo nga pala, narinig n'yo na ba 'yung bali-balita?"

"Hindi, sa tingin ko'y hindi pa," sabi nung lalaking kausap niya.

³⁵ "Oh, bali-balita na may hukbo ng mga Hapon na parating daw dito." At pagkatapos may sumingit dun sa usapan.

³⁶ At hayun nga ang isang kabataang, hangal na babae na naupo roon, at inilagay pa 'yung isa niyang paa sa ibabaw nung pahabang mesa, ang sabi, "Kayong mga mapag-isip ng takot, di n'yo ba nakikita na nagpunta tayo rito para magkasiyahan at di 'yang magkuwentuhan tungkol sa giyera?"

³⁷ Mangyari ngang 'yan na 'yan ang sinasabi ng sanlibutan sa panahon ngayon patungkol sa Pagparito ng Panginoon! “Kayo na mga paurong na konserbatibo, na di makasabay sa uso, ano bang nagbubunsod sa inyo na manamit at kumilos na gaya ng ginagawa n'yo?” Mangyari ngang nakatuon kasi tayo sa lihim, na biglaang pagpapakita ng Panginoon. Dahil may kung anong bagay nga na nasasagap sa himpapawid, na isang Mensahe ng Espiritu Santo, na nagsasabi sa atin na nalalapit na mismo ang Pagparito.

³⁸ Mangyari ngang nung patuloy 'yung malaking papiyestasyon, at, oh, karima-rimarim nga 'yung nangyari nung gabing 'yun. Dahil ang kuwento nga'y nung gabing 'yun, may kinuha silang kabataang babae, isang kabataang babae na kaakit-akit ang hubog, at hinubaran nila siya ng damit, at pinasakay nila sa kung anong munting kariton na damit pang-ilalim lang ang suot-suot, at ipinarada nila sa kalsada at kung ano pa, na grabe 'yung pagsasaya nila. At habang ganoon, ay heto na ang mga Hapon na palapit na nang palapit, parating na.

³⁹ At pagkatapos nung sumunod na umaga, mangyari ngang 'yung mga kalalakihan na dapat sana'y naroon sa nakaatang nilang tungkulin, at mga tagapagbantay kung may paparating bang mga eroplano, at kung ano pa, ay nagpuyat magdamag, na nagsipaglasingan, at sumama-sama dun sa mga kababaihan, at kung anu-ano pa, nung malasing nga sila't masama ang naging lagay, dahil sa sobrang pagsasaya, mangyaring nadatnan sila na mga tulog sa trabaho.

⁴⁰ At ikinalulungkot ko na magiging ganito ito sa Pagparito ng Panginoon. Ang iglesya'y abalang-abala't lasing sa mga kalayawan ng sanlibutan, na anupa't madaratnan silang tulog sa nakaatang sana sa kanilang dako ng tungkulin, sa Pagparito ng Panginoon.

⁴¹ At heto na nga't dumaan na sa ibabaw ng bayan ang mga eroplano, at ibinagsak na ang mga bomba, at talagang dinurog ang bayan, hanggang sa pinaka lupa nito. Bakit? Dahil di nga sila nakinig sa babala. At 'yung kabataang babae, kasama ang iba pa sa kanila, hayan nga ang mga Hapon na 'yun, na mga malulupit na sundalong lumusob dun, pinagsamantalahan sila sa lansangan, at pinagtataga sila ng patalim, pagkatapos, at kung ano pa. Dahil kung di ka nga makikinig sa babala, may isang bagay lang na natitira, at 'yun ang kahatulan.

⁴² Oh, kung mayroon ngang panahon na masasabing itong Amerika na ito'y nasa talagang pinaka mababa nitong sayad na sayad na kalagayan, ay itong panahon na ito mismo, na grabe ang kanyang imoralidad, grabe ang kanyang pagsasawalang-bahala! Ang Ebanghelyo nama'y naipangaral na nang baybayin sa baybayin. At may mga tanda't mga kababalaghan pa nga na naipamalalas. At may mga dakilang himala pa nga na haya't

naipangyari na mismo, at heto pa rin sila na tuluy-tuloy pa rin sa kanilang pagsasaya, pag-iinom, pagbabale-wala, pagtatawa.

⁴³ Sa dalawang daang libong mga pulpito sa Amerika, na mga iglesyang Protestante, ang kinakailangan nga natin sa panahon ngayon na tatayo dapat sa mga pulpitong 'yun ay mga propeta ng Panginoon, na di kimi na idagundong ang mga kidlat ng kahatulan ng Diyos na nakaumang na sa henerasyon na ito ng mga makasalanang mga tao na pinapangaralan natin. Ang kailangan na kailangan nati'y mga propeta na gaya ni Isaias na sisigaw at sasabihin, "Isang lahing masama!" At ganoon na nga na kanyang kinondena ang henerasyon na 'yun, at sinabihan sila patungkol sa mga parating na kahatulan.

⁴⁴ Pero, ngayon, napakarami sa mga ministro natin ngayon ang kimi na magsabi ng mga bagay na tulad nun. Takot sila na magpahayag ng tuwirang pagpapatotoo ng pagbababala, dahil nangangahulugan nga 'yun na nanganganib ang kanilang mga trabaho. Siguradong paaalisin sila sa kanilang denominasyon, paaalisin sa mga pulpito nila. At kakailanganin nga nila na—na lumabas, marahil, na siguro, haya't tatayo na lamang sa ibang simbahan o kung ano. Pero nakalulungkot po talaga na may mga ganyan tayong klase ng mga tao sa ating mga pulpito.

⁴⁵ Ang kailangan nati'y mga kalalakihan na kagaya ni John Wesley, noong sinaunang panahon ng repormasyon, si Martin Luther. Kailangan natin ng mga taong gaya ni Pablo, na handa siyang itaya ang lahat, isuko ang buong sarili niya, na kahit na ang kapalit pa nun ay ang mawalay sa buhay na ito, anupa't makapagbigay lamang ng patotoo sa tunay na Ebanghelyo ni Jesus Cristo.

⁴⁶ Ang nangyari nga, sa panahon na ito'y, 'yang edukasyon na 'yan at mga sama-samahan at mumunting nakakahalina't, mga kaakit-akit na mga bagay sa lipunan, at itong sarili nilang mga palagay, ang pumalit sa dapat na posisyon ng Espiritu Santo sa iglesya.

⁴⁷ Ang kailangan natin, sa panahong ito, na dapat sisigaw sa Amerika, ay mga isinugo ng Diyos, na mga puspos ng Diyos na mga kalalakihan na taglay ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo, na mga di kimi na sumigaw laban sa bagay na mali, at ang mabalaan ang mga tao sa paparating na kahatulan.

⁴⁸ Di nga hahayaan ng Diyos na makaiwas ang bansa na ito mula sa kahatulan. Kung hahayaan ng Diyos, marapat lamang na itayo Niya muli ang Sodoma't Gomora, at humingi ng tawad sa kanila dahil inilubog sila, noong naging masamang bayan sila. Di nga tayo—di nga tayo puwedeng palampasin lamang sa paningin ng Diyos. Itong kinahantungan natin sa panahon na ito, pagdating sa pulitika natin, pagdating sa gobyerno natin, anupa't kabulukan talaga, mula sa pinaka haligi hanggang sa

kaliit-liitang dako. Wala na ngang tuwid na kahatulan pa, sa Diyos na lamang.

⁴⁹ Oh, sinasabi natin na nakasandig tayo sa U.N., ang United Nations. At wala pang limang taon ang nakararaan, ay nasa limampu't isang porsiyento na ang mga komunista, na mga bansa na nasa loob ng U.N. Wala na ngang iba pang bagay ang maaaring sandigan kundi ang Salita na lamang ng buhay na Diyos. Wala na nga tayong maaari pang sandigan sa panahon ngayon, lalong-lalo na sa pulitika.

⁵⁰ Ako nga'y sumailalim sa mga paglilitis nitong huling mga tatlo o apat na buwan, na talagang puspusan ang panggigipit sa akin, na pilit akong pinagbibintangan na may nagawa raw akong bagay na mali, na pinadadaan ko lang daw ang pera rito sa tabernakulo rito, para sa mga pagtitipon. Na, ang lupon naman ng ating mga tagapangasiwa'y nakapirma sila sa isang kasulatan. At wala ngang kahit sino na nakadalo sa aking mga pagtitipon ang anupa't makapagsasabi nga sila nang hayagan sa publiko na 'yung pera na nililikom sa ating. . . sa aking mga pagtitipon, ay pinadadaan mismo sa iglesya. At tapos heto sila ngayon na sinasabi-sabi nila, na dahil sa pinadadaan ko 'yun sa iglesya rito, ay sinusubukan ko raw lokihin ang gobyerno, at dahil dun ay gusto nilang patawan ako ng dalawampung taon sa Fort Leavenworth, Kansas, dahil dun.

⁵¹ Sabi ko, "Ano ba 'yung salitang 'yun na nakabungad mismo dito sa ating—sa ating mga korte, 'Hustisya'?" Wala na ngang timbang 'yun na anupa't bagay lamang na nakabungad doon." Sabi, "Mangyari namang 'yung lahat ng sinabi ng mga tauhan n'yo na gawin ko, ginawa ko naman. At ngayon sasabihin n'yo na 'yung mga taong 'yun ay di na sila konektado sa gobyerno. Ano itong pinalalabas n'yo? Reresolbahin n'yo ang isang isyu at patutunayan 'yun, tapos heto sila na may uungkatin na naman na kung ano." Hindi lang 'yun, anupa't paiba-iba sila ng isip.

⁵² Sinabi ko nga ang pahayag na ito sa pambansang korte. Ang sabi ko, "Kung may Cristianismo lamang ang komunismo, ako'y magiging komunista na lang." Pero di nga ako magiging ganun, dahil tinatanggihan nun ang Cristianismo.

⁵³ Kaya anupa't may iisang kamay na lamang ako na maaari kong panghawakan, 'yun ang di-nagbabagong kamay ng Diyos, na may pagkabatid na Kanyang gagalangin ang katotohanan at pagka marangal. Ito nga'y lalabas at lalabas, sa katarungan.

⁵⁴ Pero heto nga na ipinababatid sa inyo na wala nang pag-asa pa sa kung saan, sa Pagparito na lamang ng Panginoon.

⁵⁵ Oh, grabe na talaga itong kapanahunan na kinabubuhayan natin, grabeng—grabeng lala na talagang panahon! Hayan nga, na kahit sa bagay na pisikal, na ang iglesya mismo, na 'yung mga nasa iglesya, mga iglesyang denominasyon, masyado silang nakatuon doon sa mumunting—mumunting pagkakaiba-iba, na

anupa't di nila magawang makipag buklod sa isa't isa, at di na nila pinapansin ang babala na ang Pagparito ng Panginoon ay nalalapit na.

⁵⁶ Hayan ang mga kalalakihan katulad nina Billy Graham, at Jack Shuler, at Oral Roberts, at marami pang ibang masigasig na mga ebanghelistang, at si Charles Fuller, na may mga gawaing umaabot sa buong mundo, ginagawa nila ang lahat ng maka kaya nilang gawin, para magbabala sa Pagparito ng Panginoon. At 'yung mga mismong mga kalalakahang 'yun, mismong mga kalalakihan na sinisikap lamang na gawin ang tama, ay yaong mga kalalakihan na pilit sinisira ng sarili nating gobyerno.

⁵⁷ Sinabi ko nga sa isang tauhan dun, "Ginoo, dalawampu't walong taon ng buhay ko, ang inilaan ko na mailapag sa altar ng Panginoon, para gawin ang tama. At sige nga't kung may makatitingin sa inyo nang direktso sa mata ko, at sasabihin sa akin kung may tao ba akong sinamantala noon, o may bagay ba akong ninakaw sa buong buhay ko. Sa biyaya nga ng Diyos, wala akong nagawang ganoon."

⁵⁸ Wala ngang halaga, sa kanila 'yun, na animo'y sanglagitik lang ng daliri. "May pagkukulang ka pa rin, ano't anuman! At isa ka pa ngang diktador sa iglesya mo! Sanglagitik lang ng daliri mo at ginagawa ng iglesya mo ang anumang sabihin mo sa kanila na gawin!"

"Oh," sabi ko, "ganoon na lang ba ang paghuhusga n'yo?"

⁵⁹ Sabi niya, "Nagbigay ka sa mga tao noon nung masunugan sila ng kanilang bahay. Heto pa nga 'yung mga tseke mo na patunay na nagbigay ka sa mga balo ng daan-daang dolyar, at ikaw pa mismo ang nagbayad ng renta nila, at ganito-ganoon ang ginawa mo." Sabi, "Sumangguni ka ba muna sa lupon mo sa simbahan at binanggit sa kanila na gagawin mo 'yun?"

Sabi ko, "Hindi, ginoo."

"Bakit di mo ginawa?"

⁶⁰ Sabi ko, "Panginoon ang nagsabi nun sa akin, sa Kanyang Salita, 'Huwag mong ipaalam sa kanan... sa iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay.'"

⁶¹ Sabi niya, "Kung ganoon pinangangatwiranan mo ang kaso mo base sa Biblia, at heto nga kami na base mismo sa batas ang desisyon namin sa iyo."

⁶² Sabi ko, "Alin ba ang pinaka mataas na batas, batas ng tao o batas ng Diyos?" Aba'y pipiliin ko ang batas ng Diyos.

⁶³ Di pa katagalan, mga dalawang taon pa lang ang nakalipas, galing ako sa pagbabakasyon ko, pauwi na ako noon.

⁶⁴ Dito sa Indiana ang batas para sa nararapat lang na tulin ng takbo ay animnapu't limang milya kada oras kapag araw, at dun 'yun sa maluwag na daang-bayan, sa mga daang-bayan.

At animnapung milya naman kada oras kapag gabi, matapos na lumubog ang araw. Ganoon din sa Kansas. Ganoon din sa Illinois. Ganoon din sa Colorado. Ganoon din sa Idaho. Ganoon din sa Wyoming.

⁶⁵ At heto na nga nung pauwi na ako, matapos na mahimpil ako sa ulan ng niyebe nang mga ilang araw rin sa malakas na bagyo ng niyebe; at may napamaril akong usang elk, at ako nga'y pauwi na noon at nasa biyahe na, para maibigay ko 'yun sa mga kaibigan ko. At kinakailangan kong magmadali para makaiwas ako sa isa na namang bagyo ng niyebe sa likuran ko, o kung hindi'y mahihimpil uli ako, at masisira 'yung karne.

⁶⁶ At nakalampas na ako noon ng Wyoming, at papasok na ng Nebraska. Mga nasa tatlumpung milya na, ang natatakbo ko, sa daan. At bigla-bigla na lang, sumilip ako sa likod, at natanaw ko 'yung pulang ilaw ng pulis. At hindi ko pa nasusubukang maaresto sa buong buhay ko. Kaya, nagpatuloy lang ako. Ako pa nga'y sumilip pa sa ibaba, animnapung milya naman ang tinatakbo ko kada oras, doon sa may . . . tatlumpu o apatnapung milya pa ang layo ko mula sa anumang—anumang siyudad. At nandun nga ako't binabagtas ko ang daang-bayan, na malapad na daang-bayan na pang-apatang hanay. At, sinisilip-silip ko, na animnapung milya kada oras naman. Sumilip ako dun sa likod, at hayun nga ang pulis na bumubuntot sa akin sa likod. At pinagmamasdan ko lang.

⁶⁷ At nakita ko 'yung pulang ilaw na kumikislap-kislap, at sa isip-isip ko, "Buweno, bakit di na lang niya ako lampasan? Maluwag pa naman ang kalsada." At haya't nakikiramdam lang ako. Ibinaba ko 'yung bintana ko, at nakarinig ako ng sirena. Buweno, sa isip-isip ko, "Lumampas na siguro ako sa nararapat na tulin ko." At tumigil siya sa isang tabi't pinahinto ako.

⁶⁸ Bumaba ako ng kotse. Sabi ko, "Siguro'y may mensahe na di ko nasagap sa radyo, marahil mula sa bahay, sa maybahay ko o pamilya." At lumabas ako ng kotse, na talagang wala nga akong kamalay-malay.

Sabi niya, "Sa palagay ko'y iniisip mo kung bakit kita pinatabi?"

Sabi ko, "Siyanga po, tsip."

⁶⁹ At sabi niya, "Nilalabag mo ang batas sa nararapat na tulin ng pagpapatakbo." Sabi, "Alam mo ba kung gaanong katulin ang pagpapatakbo mo?"

Sabi ko, "Opo, tsip." Sabi ko, "Animnapung milya po kada oras."

Sabi niya, "Ganoon nga. At labag 'yan sa batas."

Sabi ko, "Di po ba't animnapu't lima kung nasa . . .?"

⁷⁰ "Hindi, po." Sabi, "Limampu't lima po sa dako rito. Kaya lampas ka ng limang milya kada oras sa nararapat na tulin."

“Oh,” sabi ko, “Pasensya na po. Di ko po sinasadya.”

⁷¹ Sabi, “Ibigay mo sa akin ang lisensya mo sa pagmamaneho. Sige’t ipakita mo sa akin ang lisensya mo.”

⁷² At inilabas ko na ‘yun sa bulsa ko. At nung pagkakita na pagkakita niya dun sa salitang ‘reverend,’ para bang nag-apoy ‘yung mga mata niya. Kinuha niya agad ‘yung libreta niya’t sinulatan agad ako ng tiket na dalawampu’t apat na dolyar at limampung sentimo ang halaga.

Sabi ko, “Ako po ba’y titiketan n’yo?”

Sabi, “Tama! Bibigyan kita ng tiket!”

“Buweno,” sabi ko, “tsip, sige po. Pero wala po akong napansin na anumang nakalagay.”

⁷³ Sabi niya, “Oh, may karatula doon sa labas ng hangganan ng estado. Nakita mo dapat ‘yun.”

⁷⁴ “Buweno,” sabi ko, “Nahimpil po ako ng apat na ul- . . . sa ulan ng niyebe nang apat na araw, at siguro nga’y di ko ‘yun napansin, tsip.”

Pagkatapos sabi niya, “Sige. May pera ka ba diyan?”

Sabi ko, “Mga labing-dalawang dolyar lang po ito.”

⁷⁵ “Buweno,” sabi niya, “mahihimpil ka rito hanggang sa mabayaran mo ‘yun.” Haya’t alas diyos na noon ng gabi, o alas onse pa nga.

⁷⁶ Sabi ko, “Tsip . . .” Binanggit ko sa kanya, ‘yung problema, at ‘yung tungkol dun sa karne at kung ano pa. Di nga niya ‘yun pinagbigyan. Kaya pumirma ako sa isang dokumento na ako’y nangangako, na ipadadala ko sa kanila ang bayad sa multa.

⁷⁷ Nung makarating na ako sa bahay, sumulat ako sa huwes, nung maliit na siyudad na ‘yun, sinulatan ko ‘yung mismong opisyal na padadalhan ko nung multa. At sinabi ko sa kanya. Sabi ko, “Ginoo, ako’y naglaan ng dalawampu’t . . . nang mga dalawampu’t limang taon,” nung mga panahon na ‘yun, “nang dalawampu’t anim na taon nang paglilingkod sa Panginoon, na nagsusumikap akong maakay ang mga kriminal patungo sa Panginoong Jesus, para sa kung papaanong pagsisikap ay magawa kong protektahan ang buhay n’yo na isang opisyal, para sa kung papaanong pagsisikap ay magawa kong pabutihin ang lagay ng mga komunidad, at magkaroon ng mas matiwasay na dako para matirhan, at kagandahang-asal sa mga pamilya natin. Ako po’y naglaan ng nasa lampas dalawampung taon sa paglilingkod na ito. At ako nga’y bumagtas sa hangganan ng inyong bayan. Sa palagay ko po’y di naman kalabisan na ako’y mapatawad n’yo sa bagay na ito.” Sabi ko, “Pero hindi po ito pinagbigyan ng inyong pulis, maski pasintabi. Na, marahil ‘yun naman dapat ang gawin niya, at para maisakatuparan niya ang tungkulin niya. Pero heto po ako na humihiling sa iyo, bilang

huwes. Hindi po ito dahil sa pera; ito po'y dahil sa prinsipyo. Unang beses ko lang ito na magbabayad ng multa, at ito po'y manggagaling sa pera na ibinibigay sa akin ng mga tao para maitaguyod ang pamumuhay ko, sa pamamagitan mismo ng simbahan." Sabi ko, "Kung kayo po'y sadyang magbibigay ng konsiderasyon na ako po'y mapatawad n'yo, malugod ko po itong tatanggapin. Gayunman, heto ang tseke na naka-notaryo, nang sa gayon malaman n'yo na anupaman—*anupaman ay ayos lang.*"

⁷⁸ Kapatid, hayan nga't inilagda niya lamang 'yung pangalan niya dun at kinuha 'yun, nang walang pasintabi. Bakit? Bakit? At pagkatapos, heto nga na sa dahil sa nabubulok na pulitika, at masamang tingin sa relihiyon, may iba nga riyon na di napaparusahan nakapatay man ng tao. Hayan nga.

⁷⁹ Di nga hahayaan ng Diyos na magpatuloy pa ang Kanyang Iglesya nang matagal sa ganitong klaseng kalagayan. At heto na nga ang sanlibutan na ganoon na lamang kabulok. At ang pulitika'y bulok na bulok. At ang iglesya'y bulok na bulok. Ang kailangan na kailangan nga natin, para makausad pa rito, ay mga taong may pagkatakot sa Diyos na magpisan-pisan at para tumawag sa Pangalan ng Panginoon. Yan na 'yan mismo ang dapat gawin ng Branham Tabernacle. Oh, akin nang . . .

Ang tanawin pa lang ito't tingnan ay talaga ngang napaka rami kong dapat kaharapin.

⁸⁰ At ang isipin na talagang ipinagdidiinan natin dito, kung nasa ano nang landas ang tinatahak ng kaiglesyahan; na sila'y bumababa na sa antas ng moralidad ng mga tao, na hinahayaan lang nila ang mga tao na mamuhay, at sige't magpunta lang sa mga sayawan at sa mga rock-and-roll, at sige't manamit na sila nang kung anong gusto nila, at—at lahat na, at sige't manatili lang sa ganoon, itong mga mangangaral na nakiki kompromiso.

⁸¹ Ang kailangan natin ay makaluma't, isinugo ng Diyos, na may kapanganakan sa Langit na mga mangangaral na sadya ngang sasabihin mismo ang Katotohanan kahit na sino pa ang masaktan. Tulad nga ni Juan, na minsa'y nagsabi, "Ang palakol ay nakaumang na mismo sa ugat ng puno." "Bawat puno na di namumunga ng mabuting bunga ay pinuputol at ibinubulid sa apoy." Kailangan na kailangan natin ng mga mangangaral, ng mga propetang gaya nun, na talagang didikdikin na animo'y pasabog, at gagamitin ang mga kahatulan ng Diyos bilang siya mismong bomba, para sumambulat, sa masamang kalagayan na ito na ating pinamumuhayan.

⁸² Hinding-hindi n'yo magagawang pawiin ang kasalanan sa pamamagitan ng patapik-tapik lang sa likod. Hinding-hindi n'yo magagawang pawiin ang kasalanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa mga tao. Ang mga programa nati'y di kayang mapanindig at haya't nabigo mismo. May nag-iisang lunas lamang sa kasalanan, at, 'yun ay, si Cristo na mismong

lunas na 'yun. At di nga basta masabing Cristo sa pamamagitan ng kung anong intelektuwal na hanggang salita lang, bagkus sa pamamagitan ng bautismo mismo ng Espiritu Santo, tungo sa isang bagong Buhay at isang pagbabagong-buhay. Yun lang ang tanging lunas sa kasalanan, ang tanging lunas para sa bansa. Yun lang ang tanging lunas para sa iglesia. Yun lang ang tangi mismong lunas para sa mga tao.

⁸³ Dito di pa katagalan. . . Sa palagay ko marami sa inyo na mga nakapag biyahe na roon. Tumigil na ako roon nang buong gabi nang maraming beses na, sa pagbibiyahe ko papunta ng Kanluran. Na pupuntahan ko uli sa susunod na sanlinggo, para makalubay, may paglulubay na ibinigay sa akin ng gobyerno na puwede akong makabiyaha. Pinananatili nila ako rito. Kaya, payagan man nila akong pumunta sa malayo, mapupuntahan pa rin nila ako rito. At kinakailangan ko ngang magpunta sa dalawa marahil na mga pagtitipon sa Kanlurang Baybayin. At loobin ng Panginoon, dadaan ako doon sa munting siyudad na 'yun na tinatawag na West Memphis, Arkansas. Sa tawid lang 'yun nung ilog mula Memphis, Tennessee. At sa lugar na 'yun may plano sila roong gumasta ng dalawa't kalahating milyong dolyar pampagawa ng karerahan, para sa pagsusugal. Dalawa't kalahating milyong dolyar, para mas lalo pang pasamain, at para isalaula, at para maghatid ng mga kaluluwa patungong impyerno. At pagkatapos huhulihin 'yung mga kalalakihan na tulad nina Billy Graham, Oral Roberts, at ako, at sila na mga nagpapagal para sa layunin ni Cristo, na ang pera nama'y nakukuha sa legal sa pamamagitan ng simbahan, at pagkatapos papatawan ang mga kalalakihang ito ng dalawampung taon sa pambansang presinto. Noong una pa man ay ganyan na ang gustong gawin ng sanlibutan.

⁸⁴ Sabi ko, "Inyong. . . ako nga'y may mga kapatiran na napiit sa pambansang presinto."

⁸⁵ At ang sabi nung isa sa mga abogado roon, "May mga kapatiran ka kamo na nasa pambansang presinto?"

Sabi ko, "Siyanga."

Sabi, "Sinu-sino?"

⁸⁶ Sabi ko, "Sabi ko isa sa kanila ay si Kapatid na Juan, na nasa mala-Alcatraz, na isla ng Patmos. At ang isa'y si Kapatid na Pablo, sa pambansang presinto ng Roma. At si Kapatid na Daniel, maging siya ay nasa bilangguan piitan."

⁸⁷ At si Kapatid na Joseph, dahil naakusahan siya sa isang bagay na di naman niya ginawa, nabilanggo nang maraming taon, samantalang sinisikap lang naman niyang maging tapat na tagapaglingkod kay Potiphar, at 'yung asawa naman nito'y inakusahan siya. At hinatulan siya, at pinabulok sa bilangguan nang maraming taon, hanggang sa ang mga balbas niya't mga buhok ay nagsihabaan na, na di nga siya. . . Ni ahitan man lang

sana, bago iharap sa Faraon. Ganoon nga. Para saan, haya't may nagawa ba siyang mali? Para sa layunin ni Cristo! Mismo!

⁸⁸ At pagkatapos gagasta sila ng dalawa't kalahating milyong dolyar pampatayo ng karerahan, para isalaula at ipahamak at dalhin ang mga kaluluwa sa impyerno. Anupa't nalalapit na talaga ang pagparito ng Diyos!

⁸⁹ Pero may ginawa nga roon ang mga taga-Arkansas. Bawat iglesya, sa palagay ko, nasa siyam o sampung iba't ibang mga denominasyon sa komunidad na 'yun, sila'y nagsama-sama at ang sabi, "Mali 'yan. At di kami papayag na magkaroon n'yan." At nagdaos sila ng mga pagtitipon sa pananalangin, at salit-salitan sila sa sunud-sunod na mga pananalangin, buong araw man, at buong gabi. At nung 'yung huwes at mga pambansang opisyal, at nung magtungo na sila roon sa korte nung sumunod na umaga, para desisyunan na 'yun, kung ipatatayo ba 'yun o hindi, sila nga'y nagkaroon ng mga talakayan, at 'yung plano'y nabigo. Binabago ng pananalangin ang mga bagay-bagay. Di ko alintana gaano mang kabulok na ang mundo, gaano mang kabulok na ang ating bansa, ang ating bayan, ang ating mga mamamayan; ang pananalangin nati'y nakakapagpabago ng mga bagay-bagay.

⁹⁰ Pero tila ba wala na tayong gana sa mga pagtitipon para sa pananalangin. Tila ba napakarami nating ibang bagay na mas importante sa atin na gawin, ganoon nga ang iniisip natin.

⁹¹ At pagkatapos, haya't di lang 'yun, na 'yung karerahan ay prinotesta, mangyaring ipinagbawal mismo na magpatayo ng ganoon, sa loob ng estado ng Arkansas, na bawal na mismo 'yung ganoon sa taon at mga taon mang darating. Bakit? Dahil 'yung mga tao na mga tinawag sa Pangalan Niya'y nagkatipun-tipon na magkakalakip at nanalangin.

⁹² Oh, ang kailangang-kailangan natin sa panahon ngayon ay 'yung pagtawag na magkatipun-tipon, isang paghahanda. At di 'yung umaasa na lang sa mangangaral, bagkus ikaw mismo, bilang isang indibiduwal sa harapan ng Diyos, na magawa mo ngang ihanda ang iyong sarili sa Pagparito ng Panginoon, para alpasan ang lahat ng mga kabulukang ito.

⁹³ Anuman ang ibansag nila sa inyo, at anumang aksyon ang gawin nila, di nun mababago ang Diyos ni katiting. Gagawin at gagawin 'yun ng Diyos, ano't anuman. Siya mismo'y nakatuon at nakaantabay lang sa atin. Oh, grabe!

⁹⁴ Sasabihin ng ibang tao, "Buweno, nagpupunta naman ako sa simbahan kapag Linggo ng umaga. Nakikinig ako sa pastor namin, na isang mahusay na mangangaral." Mainam 'yan. Ako nga'y natutuwa sa ganyan. At kayo nga na nasa Amerika, saan man sa mundo, sino man kayo. Pero mas higit pa ang kailangan kaysa sa mainam na mensahe mula sa pulpito. Ang kailangan ay ang buhay n'yo mismo. Ang kailangan ay kayo mismo, na handa kayo.

⁹⁵ Sa Mga Apocalipsis sa ika-19 na kabanata, at sa ika-7 talata, ang sabi dun ng Biblia, habang tinutukoy ang Nobya ni Cristo, “Inihahanda Niya ang Kanyang sarili.” Inihanda nga Niya ang Kanyang sarili. At kayo, bilang kabahagi sa Nobya na ito, kinakailangan n’yong ihanda mismo ang sari-sarili n’yo.

⁹⁶ Di pa katagalan, may isang ministro na nangangaral. At—at may isang lalaki roon na dumadalo sa kanyang simbahan nang, oh, matagal-tagal na rin. At ’yung lalaki’y dumulog dun sa may altar nung umagang ’yun. At sabi niya, “Pastor, nagnanais po akong maibigay ang aking pagpapahayag at aking pagsuko sa Panginoong Jesus, na isang bagay na ginawa ko Kagabi.”

⁹⁷ At sabi ng pastor, “Buweno, ako nga’y lubos na nagagalak na marinig ’yan, John. Na malamang nakapagpasya ka na rin sa wakas na dumulog at isuko ang iyong sarili sa Panginoon, dahil di ko sana gustong saktan ang damdamin mo, pero di nga kaila sa amin na nagpakababad ka nang mahabang panahon sa kasamaan. At di kaila sa amin na di maganda ang trato mo sa pamilya mo. Nilulustay mo lang ang pera mo sa pagsusugal, at iyo pa ngang dinadaan na lang ’yun sa pag-iinom, at talagang napakasama ng ipinamumuhay mong buhay, at ang pamilya mo ang nahihirapan sa kakapusan. At nagdadala nga ’yan ng galak sa puso ko, ngayong umaga, na malamang nakapagpasya ka nang lumapit dito ngayon at heto’t isusuko mo na ang iyong sarili sa Panginoong Jesus, para maging binago’t ibang-iba nang tao, para paglingkuran Siya.”

Sabi niya, “Salamat po, pastor.”

⁹⁸ Sabi nung pastor, “Kung ganoon anong. . . Gusto ko sanang tanungin ka tungkol sa isang bagay. Alin sa mga pangangaral na naipangaral ko, o teksto na ginamit ko, at, o aling awitin na inawit sa iglesya, sa mga himno, ang nagbunsod sa iyo na ikaw ay nakapagpasyang gawin ito?”

⁹⁹ At nung tumingin sa pastor ’yung lalaki, sa mukha, na may mga luhang gumuguhit sa kanyang mga pisngi, sabi ng lalaki, “Pastor, di po ’yun dahil sa alinman sa mga pangangaral n’yo, gayong, kay iinam po ng mga ’yun. Di nga rin dahil sa alinman sa mga inaawit ng mga koro, o sa mga espesyal man na awitin, gayong kay iinam po ng mga ’yun.”

¹⁰⁰ Sabi nung pastor, “Kung ganoon maaari mo bang sabihin sa kongregasyon dito kung anong nagpabunsod sa pasya mo?”

¹⁰¹ Sabi nung lalaki, “May katrabaho po akong isang lalaki na isang Cristiano, at nabansagan ko na siya ng kung anu-ano’t lahat na. Tinawag ko pa nga siyang holy-roller. Tinawag ko pa nga siyang isang relihiyosong panatiko at lahat na, at di siya naligalig dun ni kaunti. Bagkus nabubuhay siya ng isang buhay na anupa’t, sa puso ko, sa tinagal-tagal ng panahon, sa kanya ko nakita, na nagnais ako na maging katulad ng lalaking ’yun. At ’yan po ang dahilan kung bakit hiniling ko sa kanya na ako

nga'y akayin niya mismo patungo kay Cristo. Nagkaroon ako ng pagnanais kay Cristo na kanyang pinaglilingkuran."

¹⁰² Kita n'yo, gumagawa ang Diyos ng pagkilos sa pastor, para ihanda ang Kanyang Iglesya. Kumikilos Siya sa pamamagitan ng mga awitin, para ihanda ang Kanyang Iglesya. At Siya rin ay kumikilos sa pamamagitan n'yo, para ihanda ang Kanyang Iglesya.

¹⁰³ Mangyari ngang kapag nakukulangan kayo sa pastor n'yo, at patuloy kayong nakukulangan, naghahanap agad kayo ng ibang pastor. Ganoon nga agad ang ginagawa n'yo. Kapag di lang tama ang pagkakakanta ng koro n'yo, o 'yung mga solo-solo n'yong awitin ay di tama, sasabihin n'yo dun sa direktor, dun sa namamahala nung mga awitan, "Huwag n'yo na silang pakantahin. Nagugulantang lang ako, kapag kumakanta sila."

¹⁰⁴ Pero ano naman kaya kayo bilang isang indibiduwal? Hindi ba't may pagkukulang din naman kayo sa araw-araw n'yong pamumuhay? Ano nga ba ang katayuan ng pagsusulit n'yo sa Diyos, yamang sinabi ng Diyos kung ano ba dapat kayo, na dapat ay isang nagliliwanag na Liwanag sa ibabaw ng burol? Ang dapat nga'y walang makalalampas, buveno, na dadaan sa harapan n'yo, na di man lang nila nalalaman ang tungkol kay Jesus. Ano bang uri ng buhay ang ipinamumuhay n'yo, ito ba'y magagalitin, mapanghamak, mayamutin, mapagwalang bahala? O, ito ba'y may paghahangad sa inyo na mangusap tungkol sa kapayapaan at sa pag-ibig na natagpuan n'yo kay Cristo?

"Kanya ngang inihahanda ang Kanyang sarili."

¹⁰⁵ Sinaysay ko na sa inyo ang tungkol sa kasamaan. At ang oras ay di. . . haya't mauubos ang oras ko, na tutugaygay ako sa mga kapanahunan, at ipakikita sa inyo na sa bawat panahon, ay kagaya mismo dun sa Babilonia noon sa gabi ng kaguluhan, at pagsasayaw at paglalasing, at kung anu-ano, at mga bagay na kung anu-ano pang nangyayari. At ang bawat kapanahunan ay nasasadlak sa ganoong kalagayan. Sa bawat kapanahunan ang Diyos ay naglaan ng mga propetang kulog, na may kalakip na mga tanda't mga kababalaghan, para kondenahin ang bagay na 'yun na naroon mismo sa gitna ng lahat ng popularidad, at tumayong mag-isa sa Diyos.

¹⁰⁶ Di lang 'yun, heto nga't sasaysayin ko sa inyo 'yung isang beses na ang hamak na si Esteban, hindi propeta, hindi pastor, siya'y kabahagi lamang ng Katawan ni Cristo. Mangyari ngang tumayo siya sa harap ng Konseho ng mga Sanedrin nung isang umaga na 'yun, at lakas-loob na nagsalita sa harap ng mga tao roon na humahatol sa kanya, at sabi, "Kayo na mga matitigas ang ulo, na mga di tuli ang puso't mga tainga. Lagi na lang kayong sumasalungat sa Espiritu Santo. Kung ano ang ginawa noon ng inyong mga magulang, ay gayundin ang ginagawa n'yo ngayon." Ni hindi nga siya isang pastor.

¹⁰⁷ Di n'yo nga puwedeng iasa na lang ang lahat sa inyong pastor. Di n'yo nga puwedeng iasa na lang ang lahat sa lupon n'yo ng mga tagapangasiwa, o sa lupon n'yo ng mga diyakono. Kinakailangan n'yong maging handa sa inyo-inyong sarili. Isa itong pang-individuwal na bagay.

¹⁰⁸ At, alalahanin n'yo, ang Kanyang Pagparito ay biglaan, na ang Iglesia'y lilisan sa isang kisapmata. At yamang nakikita na natin na haya't kabi-kabila na ang kasalanan, at ang paghatol ay nakabinbin na, at ang mga barkong panlipol ng kagalitan ng Diyos ay parating na, papaano pa natin ito matatakas? Ang mga tanda'y kitang-kita na. Si Jesus ay parating na. At may mga dakilang mga kababalaghan na ipinangyayari na. Bawat poste ng milya'y nakaturo na mismo sa Kanyang nalalapit na pagpapakita, at ito nga'y mangyayari nang mabilisan.

¹⁰⁹ Kumusta na kaya ang ating katayuan, sa umagang ito, sa pagsisiyasat natin sa ating sarili? Kung tayo'y kakausapin na mismo, sa umagang ito, at ang Panginoong Jesus ay bababa na mula sa kalangitan, sa umagang ito, na taglay ang Sigaw at Pakakak ng Diyos, tayo kaya'y masusumpungang handa, bilang iglesyang katawan? Tayo kaya'y masusumpungang handa, bilang isang inbiduwal, na handa nang makisama dun sa mga ibinangon mula sa patay, na mga nakapagpatunay nang handa sila? Haya't tayo ma'y nakahanda o hindi, ang Panginoong Jesus ay darating at darating ano't anumang, sa itinakdang panahon. Dapat na nakahanda tayo, at kinakailangan nating gawin na 'yun ngayon. Di na ito panahon ng hintay-hintayan pa. Kinakailangan nating samantalain ang oras at maghanda na mismo.

¹¹⁰ Di pa katagalan, isa pa po munang kuwento (bago lamang tayo magtapos) na tumimo sa akin, noong marinig ko ito noon, maraming, maraming taon na ang nagdaan.

¹¹¹ Itong lihim na Pagparito ng Panginoon; biglaang, lihim na paglisan ng Iglesia. Masdan! "May dalawa sa bukid; kukunin Ko ang isa't iiwan ang isa. May dalawa sa highaan; kukunin Ko ang isa't iiwan ang isa." Ipinapakita nga rito na ang Pagparito ng Panginoon ay di limitado sa kung anong isang sulok lamang, kundi saklaw ang buong sandaigdigan. "Ang isa'y nasa bukid, nagtrabaho," umaga. "Ang isa'y nasa highaan, natutulog," sa kabilang panig naman ng mundo. Ito nga'y magiging isang pandaigdigang Pag-agaw, at darating na may Sigaw, na may Tinig ng Arkanghel, at ang Pakakak ng Diyos ay tutunog. At ang mga namatay kay Cristo ay babangon. At Siya'y aagawin, nang palihim. Oh, kinapapanibakan ko nga 'yun! Ang dakilang Nobyo'y parating, at ang Nobya'y inihahanda ang Kanyang sarili, hinihintay ang lihim na sandaling 'yun na maging Siya'y di Niya alam, Mismo. Pero Siya'y nahahanda, at nadadamtan, at hinihintay 'yun.

112 Nakikita na natin ang mga palatandaang nagbababala sa buong mundo, na ang sanlibuta'y nakaumang na sa paghatol. Haya't nakikita na natin ang mga tanda't mga kababalaghan sa iglesya, maraming dakilang mga bagay ang naipangyayari. Ano bang dapat na uri ng mga tao tayo sa oras na ito? Ang maging handa mismo sa sandali na 'yun, dahil di natin nalalaman ang Kanyang Pagdating. "Maging handa rin naman kayo, sapagkat hindi ninyo nalalaman kung anong minuto o oras ang tiyak na pagdating ng inyong Panginoon." Maging handa! Sapagkat, mawawalan na kayo ng panahon na makapaghanda kung sa oras pang 'yun, dahil sinabi Niya na di n'yo na 'yun magagawa.

113 Ilan po sa inyo, marahil lahat, ang nakabasa na dun sa mga birhen? Na ang iba nga roo'y matalino't ang iba'y mangmang. Ang ibig sabihin ng *birhen* ay "kadalisayan." Kaya bawat isa sa kanila'y mabubuting tao. Bawat isa sa kanila dun, birhen, mga pinaging malinis na mga sisidlan ng Diyos. Pero 'yung may mga Langis lamang sa kanilang ilawan, ang nakapasok, at 'yung iba'y napag-iwanan sa labas. Lahat sila'y birhen, bawat isa. Mga taong hindi n'yo nga magagawang maituro ng inyong daliri, na sasabihing may ganito sa kanilang mali. Sila, bawat isa, ay naniniwala sa Pagparito ng Panginoon. Sila pa nga'y handa na salubungin Siya, pero ang iba sa kanila'y nagpabaya na naubusan tuloy sila ng Langis.

114 Huwag nga kayong magpabaya na maging ganyan mismo ang kalagayan n'yo. Panatilihin n'yo ang Langis sa inyong ilawan. Ang Langis ay isang Espiritu, yaong Espiritu Santo. Huwag na huwag n'yong pababayaan na maubos Ito sa inyo. Kapag nararamdaman n'yo na ang pag-ibig sa inyo'y pawala na, na 'yang katapatan n'yo kay Cristo at sa—sa Kalooban Niya ay pawala na, magtumulin ka na bumalik sa Kanya na Siyong may taglay ng bukal ng Langis, at bumili para sa iyong sarili ng pagpupuno ng Espiritu Santo.

115 Wala nang maaasahan pa sa ating bansa, talagang bulok na ang moralidad at sirang-sira na. Ang pulitika nati'y, bulok at wala nang maaasahan pa. Ang mga namumuno sa atin, Oh Diyos, ano pa bang magagawa naming remedyo rito? Ilagay n'yo man ang isang tao na maayos, at paglabas niya roon siya'y nabaluktot na nang lubos.

116 Kaya may nag-Iisa na lamang na mailalagay namin ngayon, 'yun ay ang Panginoong Jesus. Tayo nga'y maghanda na para sa Kanyang Pagdating.

117 Gusto kong kuwentuhan kayo ng isang munting kuwento na narinig ko mga ilang taon na ang nagdaan; sa pagtatapos. Heto nga ang biglaan, na mabilisang Pag-agaw sa Iglesya!

118 Ngayon sasabihin n'yo, "Kapag nangyari na 'yung ganito't ganoon, saka pa lang ako maghahanda." Aba'y maghanda na kayo ngayon pa lang. Kasasaysay ko pa lang sa inyo kanina

'yung nangyari dun sa Pearl Harbor at sa marami pang lugar kung saan tumanggi silang makinig sa babala. Tumanggi sila na makinig doon. Wala na ngang anupamang nakabinbin pa kundi Makalangit na paghatol na lang sa mga tao. Ngayon, lahat ng mga di tutungo kay Cristo ay mapapasa ilalim sa galit ng Diyos at Makalangit na paghatol. Pakiusap huwag n'yong pabayaang mangyari 'yun sa inyo.

¹¹⁹ Anupamang mangyari sa mga narito pang iba sa Branham Tabernacle, huwag na huwag n'yo ngang hahayaan na maging ganoon kayo. Kayo'y maging lingkod mismo ni Cristo. Ano man ang gawin ng iba pa sa kalipunan ng iglesya, kayo'y maging lingkod mismo ni Cristo. Hindi nga tinitingnan dito 'yung kung ano ba ang Branham Tabernacle sa kabuoan, di rin tinitingnan dito 'yung kung ano ba ang iba pang kaiglesyahan sa kabuoan. Nakatuon ito sa kung ano kayo, bilang isang indibiduwal, na dapat ay handa sa Pagparito ng Panginoon. Kinakailangan n'yo mismong maghanda. Kinakailangan kong maghanda. Lilinisin ko ang sarili kong paglakad. Nasa sa inyo 'yan kung lilinisin n'yo rin ang sarili n'yong paglakad. Di n'yo na kailangan pang usisain 'yung sa akin; ganoon din naman na di ko na kailangan pang usisain 'yung sa inyo. Kinakailangan n'yong kayo mismo ang maghanda ng sarili n'yong kasuotan.

¹²⁰ May isa pong mahusay na rantsero, at nagmamay-ari siya ng isang malaki't malawak na rantso, doon sa hilagang bahagi ng Colorado, malapit sa parteng bulubundukin.

¹²¹ Gaya ng nalalaman n'yo, naranasan ko na ring magrantso sa buhay ko, na mangabayo at lahat na. Isa sa mga pagtawag sa akin ng Diyos, ay noong nakasakay ako minsan at nakaapak sa pares ng lumang de-Texas na espuwela, may mahabang baril na nakasukbit sa angkasan at may maiksing baril sa tagiliran ko; noong narinig ko 'yung pag-hip sa mga punong kahoy, na ang tunog ay para bang Tinig na nagsasabi, "Adan, saan ka naroon?"

¹²² At nung tumingala ako sa mga bituwin, at narinig ko si matandang Slim, na isang matandang cowboy na taga-roon sa Texas, hinihipan niya 'yung parang suyod na may nakapatong na kapisasong pilyego (Doon sa may krus na Tagapagligtas ko'y namatay, doon na paglilinis ng sala ko'y aking saysay; Doon sa puso ko'y Kanyang Dugo'y inilagay; Luwalhatiin ang Kanyang Pangalan), hinila ko nga 'yung kumot na matakpan ang aking mukha't pilit kong itinatago ang aking sarili, dahil ang Diyos ay nakatunghay paibaba sa mga burol na 'yun.

¹²³ Yung dako ngang 'yung ay isa sa mga rantso, kung saan 'yung naglalalaking mga kompanya ng de lata'y bumibili ng kanilang baka, papastulan 'yung mga baka sa kabunbukan, at tapos ilalabas sila uli matapos na ipanganak 'yung mga guya, sa-sa panahon ng taglagas, at mamarkahan sila ng hero, at tapos ibebenta 'yung mga matatagal nang baka, at 'yung mga kapong

baka at kung ano pa, at ididirekta dun sa . . . titipunin 'yung malaking kawan nila dun ng mga baka.

124 At dun sa naturang rantso na 'yun, 'yung may-ari, o 'yung nangangasiwa, na tinatawag naming, “kapatas,” katiwala, siya nga'y may limang anak na babae. Yung mga dalagitang 'yun ay pawang mga magagandang babae, mga kabataan pa, wala pang asawa.

125 At may munting binibini roon, na pinsan nung mga dalaga roon, na 'yung tatay at nanay nung pinsan na 'yun ay kapwa pumanaw na. At siya nga'y dinala roon . . . para manirahan dun sa kanyang—kanyang tiyuhin.

126 At 'yung mga dalagita'y, magagarbo 'yung suot nilang mga bestida, alam n'yo, at—at—at pinatira nila dun 'yung mahirap na mumunting binibini at ang kaso'y ang trato nila sa kanya'y para siyang isang hamak. Lahat ng mabibigat na trabaho'y ipinapasa nila sa kanya. Siya ang naghuhugas ng pinagkainan. Siya lahat ang naglilinis. Siya ang nag-aayos nung mga pinag higaan. Siya—siya ang gumagawa ng lahat ng 'yun. At 'yung mga dalagita'y hayun nga sila't nakatambay lang sa isang dako't makikintab 'yung mga kuko't nakamanikyur, at may pampapula ang mga labi, at sila nga'y naaayusan na mainam, alam n'yo, talagang ayos na ayos.

127 At ginagawa nga nila ito lalong-lalo na kapag nababalitaan nila mula sa Chicago, 'yung malaking kompanya ng de lata na nagmamay-ari nung lahat ng 'yun, 'yung kabataa't, wala pang asawa na anak na lalaki nung may-ari'y bibisita dun sa rantso. Oh, talagang naghahalukay ng magagandang damit 'yung mga dalagita! Ah! At talagang nananamit sila nang maayos at sila nga'y naghahanda sa pagdating nung binata! At gabi-gabi ang laman lagi ng usapan nila'y, aakitin nila 'yung binata na 'yun at pakakasalan siya. Na sinuman sa kanila . . . Haya't magiging pagmamay-ari na niya 'yung rantso, sinuman sa kanila, dahil 'yung binata na 'yun ay magiging tagapagmana ng lahat. Kaya 'yung mga kadalagahan ay nagsipaghanda sa kanilang sarili.

128 Kaya naman, nakita n'yo, maging sila'y nagsipaghanda. Kayo nga'y inihahanda n'yo ang inyong sarili, sa pamamagitan ng pag-anib sa iglesya o kung ano pa, na di naman 'yun ang hinihiling na gawin. Ang kailangan n'yo nga'y Langis sa inyong ilawan. Kita n'yo? Hayan nga 'yung pananamit n'yo, sasabihin, “Magtatayo kami ng malaking simbahan. Aanib kami sa mas mainam na denominasyon. Bibili kami—bibili kami ng mainam na bakal na organ, para sa Panginoon. Yung mga upuan nama'y gagawin naming malalambot.” Hindi nga 'yan ang hinihiling ng Diyos. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito nang tatlong beses—Pat.]

129 Pagiging matuwid ang hinihiling ng Diyos, sa Kanyang Anak, na si Cristo Jesus. Yun ang nararapat na pananamit. Dahil

sinabi ng Biblia, “Ang maputing damit na nagagayakan siya, ay ang matuwid na gawa ng mga banal.” Kaya siya . . .

¹³⁰ Inaakala nung mga dalagitang ’yun na naihanda na nila ang kanilang mga sarili para sa pagdating nung kabataang lalaki na ’yun. Mangyari ring, ’yung hamak na munting pinsan, na ang dating nga sa akin ay isang tinanggihan ng lipunan na nasa kung saan. Hahangaan n’yo rin naman siya. Isa rin naman siyang magandang babae. Pero, oh, grabe! Isa pa naman siyang mainam na munting babae, pero di nga siya itinuturing man lang na kaisa sa kanila, ni di nga isang kamag-anak ang turing.

¹³¹ Ngayon ganyan na ganyan nga ang tunay na paglalarawan sa tunay na Iglesia, sa panahon ngayon, sa harapan ng mga denominasyon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Ni di man lang ibilang; haya’t grupo lamang na hindi kaanib sa anumang denominasyon, isang grupo ng mga di itinuturing na kaisa.

¹³² Kaya hayan na nga’t ang kaawa-awa’t munting binibini na ito’y nagpatuloy lang, sa pagtrabaho. At nung dumating na ’yung kabataang lalaki . . .

¹³³ Lingid nga sa kaalaman nila, pero may kuwalipikasyon ng babaing mapapakasalan na hinahanap ’yung binata na ’yun. Siya nga’y di nasisiyahan at walang interes sa mga kababaihan na mga taga-siyudad na walang ginawa kundi gawing kaakit-akit ang kanilang mga sarili, at, oh, alam n’yo, laging nasa mga bahay-inuman, at sakay-sakay sa mga Cadillac, at itong—itong iba’t iba pang bagay. Sila—sila nga’y di makitaan ng kaluguran at kaiinteresanan. Sa isip-isip nung binata, “Magpupunta ako sa may Kanluran at hahanap ako ng isang—isang tunay na babae na magiging tunay na nanay ng aking magiging mga anak. At ’yung bang isa na di maglalaan ng panahon sa mga sosyalang grupo na patahi-tahi at mga—at mga alta-sosyedad at iba’t iba pang bagay, bagkus ay magiging isang tunay na nanay.” Pero ano mismo ang nasumpungan niya pagdating niya roon, haya’t ’yung siya ring bagay na kinokondena niya sa Chicago?

¹³⁴ Ano kayang iglesia ang masusumpungan ng Panginoong Jesus, haya’t isa lang kayang denominasyon, sa pangalan lang, na “isang iglesia,” na walang Langis sa mga ilawan nito, na di handang sumama? Oh, ang gaganda ng pananamit nila roon. Nasa kanila pa nga ang naglalakihang mga bahay-sambahan, ang pinaka malaking *ganito*, at lahat ng mga bagay na ito. Pero di nga ’yan ang gusto ng Diyos. Ang gusto Niya’y kayo mismo bilang isang indibiduwal. Marahil nasa kanila roon ang pinaka mahuhusay na mga pastor, nasa kanila ang pinaka maiinam na lupon ng mga diyakono, pero ang gusto nga Niya’y kayo mismo na taglay ang Langis. Paparito Siya na ang aagawin ay yaong Langis at Nobya.

¹³⁵ At habang siya, ang binatang ito, ay tumingin sa kanila, siya nga’y nalubag ang loob. At nung gabing ’yun haya’t may

idinaraos sila roon na parang uso noon. . . Na nung panahon na 'yun, haya't matagal na ito, na tinatawag nilang "Charleston," na parang rock-and-roll. At magpapapiging nga sila roon ng isang malaking kasiyahan. Marami sa inyo rito ang naaalala marahil 'yung lumang Charleston na sayaw na sinasayaw nila noong araw, nung kabataan ko pa, nung naroon ako. At heto na nga na suot-suot nila roon 'yung munting itim at puting damit nila roon, alam n'yo, para isayaw. . . Oh, ang tawag nga roon ay "Charlestons," at "black bottom." Yun nga ang tawag roon. At haya't suot-suot nila roon 'yung mga damit nila roon na dalawa ang kulay, at isinasayaw nila 'yung mga sayaw na 'yun.

¹³⁶ At, heto nga, na 'yung binatang 'yun ay di nasisiyahan sa ganoong mga bagay. Hinahanap niya 'yung tunay na babae, kaya siya'y lihim na umalis dun sa kasiyahan nila roon. Siya nga'y nagmamasid-masid sa kanila roon. Siya nga'y nagpunta roon para tingnan-tingnan sila roon.

¹³⁷ Mangyaring may isang Anak na lalaki akong nalalaman na ganoon din. Itong isang Anak na lalaking ito ay pupunta sa inyong iglesya. Siya. . . Ang Anak ng Diyos, Siya nga'y pupunta roon. Siya'y magmamasid-masid sa paligid. Makikita Niya ang maiinam n'yong mga pananamit. Di nga lingid sa Kanya—sa Kanya na isa ka namang mabuting miyembro. Pero Siya nga'y may hinahanap na iba mula sa regular na kalakaran ng iglesya.

¹³⁸ Kaya ang binata'y tumingin-tingin sa paligid, at matapos ang ilang saglit, siya nga'y parang nalubag ang loob. Lumabas siya ng pinto.

¹³⁹ At lumayo siya nang kaunti, naglakad-lakad sa liwanag ng buwan, sa direksyon nung mga bahay-panuluyan, may narinig siya na parang humihiging. At tumingin siya sa paligid. At heto nga ang isang munting binibini na may malaking palanggana ng tubig na panghugas ng pinagkainan, doon sa dilim ng gabi, nakayapak lang siya, itatapon 'yung tubig na pinaghugasan na 'yun. At pagkakita na pagkakita nung binata dun sa binibini, may para bang namutawi sa lalaki, "Siya na 'yan. Siya na 'yan mismo." Kaya naghintay siya roon sa may daraanan. At nung 'yung binibini. . . Sakto ngang dumaan 'yung binibini doon sa hilera ng mga bakod na pangharang, siyanga't, nakatayo roon 'yung binata. At muntikan nang himatayin ang binibini.

¹⁴⁰ Sabi nung binata, "Kumusta ka?" At sabi nung binata, "Anong pangalan mo?" At sinabi nung binibini ang pangalan niya, at kaparehas nga 'yun nung apelyido nung amo ng rantso. Sabi, "Di ko lang maintindihan kung papaanong. . . Siya ba'y tatay mo?"

¹⁴¹ Sabi, "Hindi. Isa lang akong pinsan dito, kita mo. Yung tatay ko't siya ay magkapatid. Kaya parehas ang nasa pangalan ko. Pero ako. . . Kaya, ganoon nga rin sa amo."

¹⁴² Maaari ngang nakakabit sa inyo ang pangalan ng iglesia, marahil nakakabit sa inyo mismo ang pangalan ng Branham Tabernacle, o Methodist, o anupaman 'yang iglesia na inyong dinadaluhan. Pero hindi nga 'yun, kaibigan. Kita n'yo? May iba pang bagay. Ang inyong katangian nga mismo. Yun mismo ang tinitingnan ng Diyos. Methodist ka man. Baptist ka man. Presbyterian ka man. Hindi 'yun 'yun. Sa katangian nakatingin ang Diyos. Haya't di lang basta panlupang katangian, bagkus Espiritu Santong katangian. "Lalaki ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya," sabi ni Jesus, sa ika-16 na kabanata ng San Marcos.

¹⁴³ Ang binibini nga'y nagulat na—na yaong binata'y kinausap rin siya, maging. At itinungo niya ang kanyang munting ulo, at tumakbo siya patungo sa bahay.

¹⁴⁴ Yung binata nga'y namalagi roon ng sanlinggo o dalawa, at siya nga'y nagmamasid-masid sa paligid, sa lahat ng dako. At kahit di siya umiimik, haya't patuloy na pinagmamasdan niya ang binibini. At nung gabi bago siya umalis. . . Kinakailangan na kasi niyang umalis nung sumunod na araw. May idinaraos uli sila roong malaking kasiyahan. At hinahanap niya 'yung binibini. Di niya matagpuan. Naalala niya na 'yung binibini ang siyang naghuhugas ng mga pinggan at iba pa, na, gawain na marurungisan ang gumagawa at siya nga'y nababahiran.

¹⁴⁵ At ganoon nga minsan ang daang pinagdadaan ng tunay na Iglesia ng Diyos, mga gawain na marurungisan siya, na lahat ng masasamang katawagan, at lahat ng maaanghang na salita, ay ipupukol Dito. At Siya nga'y kalugud-lugod na ibong may batik-batik. Lahat ng iba pang ibon ay nagkukuntsabahan sa paligid at pinalilibutan Siya. Ayos lang 'yun. Ang pangalan naman Niya'y naroon sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Kanya ngang ilaladlad ang Kanyang malalaking pakpak balang araw para lumipad na. Handa na Siya. Yung mga batik na 'yun ay sumisimbolo dun sa Dugo ni Cristo na iwinisik sa Kanya. Kita n'yo? Nabasa n'yo na 'yan sa Aklat n'yo, sa Biblia.

¹⁴⁶ At natiyempuhan nung binata 'yung munting binibini na 'yun na palabas nung gabi na 'yun. Sabi ng binata, "Lagi nga kitang sinusundan-sundan ng tingin. Walang ibang nakaaalam kundi ako lang." Sabi nung binata, "Nagpunta ako rito na ako nga'y naghahanap ng mapapangasawa. At kitang-kita ko nga nang lubusan, na ikaw mismo 'yung nasa kuwalipikasyon ko." Ano kayang naramdaman nung binibini? Yung anak na lalaki nung mayaman na may-ari ng lugar mismo ay inaalok siya na maging asawa niya.

¹⁴⁷ Siguro'y naiisip n'yo kung anong nararamdaman nung iba pang mga kadalagahan dun nung sumilip sila dun sa kanilang bintana't natanaw 'yun, na hinawakan ang mga kamay, nung hamak, at iniitsa-puwera nilang pinsan, hawak nung binata na

sinusubukan nilang akitin, suot ang lahat ng kaakit-akit nilang naggagarbuhang mga bestida't palamuti, at kung anu-ano pang mga pampanganda.

At sabi nung binata, “Pakakasalan mo ba ako?”

“Oh,” sabi niya, “ginoo, di ako karapat-dapat.”

¹⁴⁸ Ganoon nga ang pakiramdam ng tunay na Iglesya sa bagay na 'yun, “Hindi ako karapat-dapat. Ako nga'y... Nababagay lang ako na maging tagapaghugas ng Iyong mga plato, mainam na sa akin 'yun.” Handa ba kayong magpakababa sa puntong 'yun? Magagawa n'yo bang kahit hugasan na lamang 'yung mga pagkakainan sa Paghapon? Handa ba kayong mabansagan na panatiko? O, handa ba kayong tahakin ang landas kasama ang mga pinili ng Panginoon na mga kakaunti ang bilang at mga kinukutya? Handa ba kayo?

¹⁴⁹ Kayo ba'y handa, na sa inyong trabaho, kayo'y markado, “Hayan nga ang lalaking 'yan, isa siyang panatiko ng relihiyon, kasi di siya umiinom, di siya naninigarilyo, di siya sumasayaw, di siya sumasama-sama para mambabae?” “Hayan nga ang isang babae na nakayuko lang ang ulo parati, haya't kapag lumalakad siya...dito sa bayan. Di siya...di siya nakikisama sa mga grupo-grupo natin”?

¹⁵⁰ Handa ba kayong tahakin ang daan na 'yan, na ihanda ang inyong sarili sa Pagparito ng Panginoon? Kung inyong...Kung kayo nga'y may paghahangad, hihintayi't hihintayin n'yo ang Kanyang pagdating. Magagalak kayo sa Kanyang Pagdating. Hindi nga 'yun magiging kakila-kilabot na bagay. Yun pa nga ang magiging pinaka mapagbiyayang sandali na maiisip n'yo, ang Pagparito nga ng Panginoon. “Lahat ng naghahangad nang may pag-ibig sa Kanyang pagpapakita.”

¹⁵¹ Kaya, nung umalis na 'yung binata, sinabi niya sa binibini na babalik siya sa isang partikular na panahon. Sabi, “Kapag unti-unti mo nang nakikita...” Taglamig nga noon. Sabi, “Kapag unti-unti mo nang nakikita ang mga punong kahoy na nagsisimula nang magkaroon ng usbong, sa dako rito, na 'yung mga halamang mesquite't iba pa'y unti-unti nang nagkakaroon ng bagong buhay,” sabi, “haya't sa panahon na 'yan ng tagsibol ay babalik ako.”

¹⁵² Alam ko, na mahirap itong paniwalaan, pero heto nga ang binibini na isang dolyar at pitumpu't limang sentimo lang kada sanlinggo ang natatanggap niya sa kanyang pagtratrabaho. Pero inipon niya 'yun mismo hanggang sa kaliit-liitang sentimo nun. Bakit? Siya kasi'y naghahanda para dun sa parating na kasalan na magaganap. Iniipon niya 'yung pera niya para sa kanyang damit pangkasal. Dahil nangako 'yung binata, “Tayo'y ikakasal sa mismong rantso na ito sa pagbalik ko uli.” Inipon nga nung binibini 'yung pera niya buong taon. Galak na galak siya. Di nga niya alintana maghugas man siya nung mga pinagkainan. Di

niya alintana magplantsa man siya ng mga damit, o magwalis-walis sa bahay-panuluyan, o ano pa. Siya kasi'y may kasunduan na ng pagkakasal dun sa may-ari nung rantso.

¹⁵³ Kaya ano pang dahilan at magpapa apekto pa tayo sa kung anong sabi-sabihin ng sanlibutan, mga tunay na Cristiano? Ano pa bang ikinababahala natin tayo man ay tuyain at tanggihan? "Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa." Ang Anak ng Panginoon ay parating na, isang araw, at patutungo nga tayo sa Paghapon sa Kasalan. Kaya ano bang magiging epekto nun, kung naghahangad kayo nang may pag-ibig sa Kanyang pagpapakita?

¹⁵⁴ Matapos ang lahat ng 'yun. . . Lumipas ang mga araw. Yung mumunting mga anak na babae, 'yung mumunting mga pinsan, kanila ngang pinagkakatuwaan siya, pasayaw-sayaw pa sila sa paikot niya, at kung anu-ano pa ang pinag gagagawa. "Naku," sabi, "Grabe't kaawa-awa ka nama't, hibang ka na talagang babae ka! Di mo ba alam na 'yung lalaking 'yun. . . Aba, tulad lang siya ng iba pang mga lalaki ryan. Pinaaasa ka lang nun."

¹⁵⁵ Pero hindi nga hanggang paasa lamang ang Anak ng Diyos. "Maliban na ang tao'y maipanganak na muli, hindi nga siya sa anumang paraan. . ." Di ko nga alintana gaano mang kainam ang itsura mo, gaano mang kalaki 'yang iglesyang kinaaaniban mo, ano man ang katayuang panlipunan mo sa bansa. Kahit na isa ka pang pulitiko. Isa ka mang opisyal sa gobyerno ng bansa. Ikaw ma'y kasapi sa Katoliko, Presbyterian, alinmang iglesya ryan na naisin mo. Pero, ito nga'y, "Maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli, ay di ka nga makapapasok. At ang mga tandang ito ay lalakup sa kanila na sumasampalataya." Akin po lamang binabanggit ang mismong Salita Niya.

¹⁵⁶ Hayan na nga't, nung dumating na 'yung oras na 'yun, unti-unti nang napapansin nung binibini 'yung, mga usbong sa mga puno na nagsisimula na 'yung lumitaw. Nalalaman niya na ang binata'y parating na anumang oras. At sabi nga nung binata, "Ako nga'y darating sa oras na ang araw ay palubog, para maikasal na tayo at lilisan tayo na magkasama pagkatapos." At kaya kapag pagabi na, kapag malapit nang lumubog ang araw, kapag 'yung-'yung binibini'y lumalabas na't haya't, kanya na mismong inihahanda ang kanyang sarili, isinusuot ang kanyang munting damit na pangkasal, at naghihintay sa may entrada ng rantso.

¹⁵⁷ At heto nga ang mumunti niyang mga pinsan na umeeksena dun at tinatawanan siya, at pinagkakatuwaan siya, at ang sabi, "Grabe't kaawa-awa ka't, hibang, na walang kamalay-malay na babae. Di mo ba naisip na 'yung-'yung lalaki na 'yun ang may-ari nung. . . O Presidente, ang ibig nga naming sabihin, ng kompanyang ito, na ang lalaking 'yun ay magpapakasal kaya sa isang tagapag hugas lang ng pinggan!"

158 Ang binata kasi'y nakatingin sa kalinisang-puri, hindi sa pananamit. Siya nga'y may sapat na salapi para bilhin ang lahat ng mga damit na kinakailangan.

159 Di nga tinitingnan ng Diyos 'yang naglalakiha't magagarbo n'yong mga bagay-bagay. Pagmamay-ari Niya mismo ang lahat ng mga bagay sa mundo. Kaya, ang hanap Niya'y kalinisang-puri. Ang hanap Niya'y bagay na tunay.

160 At kaya, heto na nga, nung isang gabi, habang nakatayo ang binibini roon, at 'yung mga kadalagahan ay nagtatawa't sige sila na pinagkakatuwaan siya, at sinasabihan pa siyang hibang. Bigla na lang, may narinig silang yabag ng mga kabayo na parating. Anong nangyayari? Doon sa may ibayo nung burol haya't dumarating ang isang pahabang kamyoneta. Ngayon, ang kamyoneta po'y isa 'yung munting karwahe, na bukas ang ibabaw, sikat na sikat 'yun nung araw sa Kanluran. At 'yung mga kabayong humihila-hila'y pumapadyak at lahat na, haya't parating. Doon sa may burol, heto ngang parating ang karwahe na ito, at huminto 'yun sa harapan ng entrada ng rantso. At ang binibini'y tumakbong pasalubong. Sabi niya, "Alam na alam ko na darating ka."

Ganyan nga ang gagawin ng Iglesya balang araw.

161 Iniyapos nung binibini ang kanyang mga bisig sa binata, at ang sabi nung binata, "Mahal, naglagay ako ng tauhan dito sa rantso mula noong umalis ako rito nung nakaraang taon, na laging nagbibigay ulat tungkol sa lahat ng ginagawa mo."

162 Ang Diyos nga'y naglagay ng isang Tauhan na nakaantabay sa tabernakulong ito, sa umagang ito, Siya ang tinatawag na Espiritu Santo. Natatalos Niya ang mga lihim ng inyong puso. Natatalos Niya ang lahat ng mga bagay na ginagawa n'yo, o mga bagay na iniisip n'yo. Iniuulat Niya sa Ama ang lahat ng ginagawa n'yo. Kanya ngang dinadala ang mensahe na 'yun nang papunta't pabalik.

163 Sabi nung binata, "At iniuulat ng tauhan na ito na ikaw nga raw ay naghihintay, at nagpagal ka, at nagpagal ka nang may pagtitiis, naghihintay ka sa'king pagdating. Ngayon, ikaw nga'y naging alipin sa mahabang panahon, pero ngayon 'yang mga panahon na 'yan na ika'y alipin ay tapos na. Isinama ko rito ang isang ministro, kaya dito sa ilalim ng kulandong ng mga rosas dito, ika'y magiging asawa ko." Hinagkan nung binata ang binibini, isinuot ang singsing na pangkasal sa daliri niya, at inalalayan ang binibini't pinaupo sa may kamyoneta, na ang mga bisig nung lalaki'y nakayakap sa babae. At umalis na, para doon magtungo sa bago't malaking palasyo roon sa Outer Drive sa Chicago, isang natatangi't piling dako sa bansa, kung saan ang babae'y makapamumuhay na bilang nobya niya.

164 Bakit? Naghanda kasi ang binibini. Namuhay ang binibini at siya'y nasumpungan na may katangian ng isang babae na hinahanap niya. Nangyari nga ang lahat ng 'yun nang biglaan.

165 At 'yang biglaan, na lihim na Pagparito ng Panginoon, di nga nalalaman ng sanlibutan na mangyayari 'yun, pero tayo'y nalalaman natin. Malapit na ito. Huwag nga kayong maging tulad dun sa kabataang babae na hinubaran ng damit, dun sa Pearl Harbor, dahil babagsak at babagsak kayo sa kahihyan. Maging tulad kayo noong Isa na 'yun na naghanda sa Kanyang sarili, at talagang pinangalagaan ang Kanyang kalinisang-puri, at talagang may paghihintay sa Pagparito ng Panginoon, dahil 'yun nga'y magiging lihim at mabilisan.

166 Habang binubulay n'yo ang mga bagay na 'yan, atin pong iyuko ang ating mga ulo sa Kanya na Siyang paparito.

167 Bago tayo makipag-usap sa Kanya, bawat isa sa sari-sarili niyang pagdulog, bawat babae, kabataang lalaki, o kabataang babae. At habang nakikipag-usap ako sa Kanya at nababatid na ang Kanyang lihim na Tauhan, yaong Isa na di n'yo nakikita ng inyong mata, kaya sinasabing Siya'y lihim na Tauhan, ang pinagpalang Espiritu Santo'y narito sa gusaling ito. Kayo po ba'y may paghahangad na Kanyang alalahanin kayo sa harap ng Ama, sa umagang ito, na kayo'y may paghahangad nang maging handa, at sa pagparito Niya, kayo'y sasama sa Kanya? Kung 'yan po ang nais n'yo, maaari n'yo po bang itaas mismo ang inyong kamay sa Kanya? Pagpalain kayo ng Panginoon. Sa tingin ko'y bawat isang kamay sa gusali'y nakataas; maging sa akin, man. "Idinudulog ko sa Iyo, Espiritu Santo, na sabihin sa Ama, "Tunghayan ako rito sa ibaba. Aking—aking tinatahak ang daan kasama ang mga pinili Niya na mga kinukutya. Ako—ako po'y nagnanais na sumulong, nagnanais na maging handa. Ako—ako po'y naghahangad na maging handang-handa na mismo sa oras na ito ngayon, dahil Siya nga'y marahil paparito na bago pa man matapos ang gawain."

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising,
Mga tanda na inihula ng mga propeta;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-
puno ng pagkabalisa;
"Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

Ang Araw ng Pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot;
Tiyaking puspos ng Espiritu ng Diyos, na
inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
Tumingala, ang inyong pagkatubos ay malapit
na.

Punongkahoy ng igos ay lumalago; Israel ay
muling ibinabangon.

168 Oh Diyos! Ang punongkahoy ng igos ay nagpapasibol na ng kanyang mga usbong, ang Israel ay nanunumbalik na bilang isang bansa! Narinig ko ang pastor natin ngayong umaga, na nangusap, at idinalangin ang Israel! Di n'yo ba napagkikilala na 'yan na 'yung pagpapasibol ng mga usbong? Sa panahon ngang 'yan Siya paparito.

169 Nung matunghayan ko 'yung *Tatlong Minuto Bago Ang Hating-Gabi*, 'yung artikulong 'yun, natunghayan ko nga 'yun sa—sa sarili kong kamera, o projector dito sa silid ko sa silong, na 'yung mga Judio na 'yun bagamat may mga pilay ay hayang dagsa-dagsa ang pagparoon sakay sa mga barko't lahat na, galing sa iba't ibang panig ng mundo. Sabi nung tagapanayam, “Kayo po ba'y umuuwi na rito sa inyong lupang tinubuan, para dito kayo mamatay sa lupa n'yong tinubuan?” Sabi nung isa, “Hindi. Naparito kami para makita ang Mesiyas.”

170 Lumalago na mismo ang punongkahoy ng igos. Di n'yo ba ito nakikita? Ang Araw ng Pagkatubos ay malapit na.

Mga bulaang propeta'y sinungaling,
Katotohanan ng Diyos itinatangi,
Na si Jesus Cristo ay ang Diyos nga natin;

Di n'yo pa ba nakikita kung nasaan na tayoy?

Subalit kami'y lalakad sa tinahak na daan ng
mga alagad.

Ang Araw ng Pagkatubos ay malapit na,
Puso ng mga tao'y lupaypay sa takot;


Isipin n'yo 'yun!

Tiyaking puspos ng Espiritu ng Diyos, na
inyong mga ilawa'y pinag-igi pinag-ilaw,
Tumingala, ang inyong pagkatubos ay malapit
na.

171 Panginoong Diyos, sa dakilang sandali na ito, habang akin pong pinagmamasdan ang munting kongregasyon na ito at nakikita ko ang mga namumula nilang mga mukha't mga pisngi nila na may bahid ng luha, kami nga'y may pagkabatid na ang dakila't lihim na Tauhan ay nakatayo lang sa malapit, ang Espiritu Santo.

172 Ngayon magawa po nawa naming piliin ang daan kasama ang mga pinili ng Panginoon na kakaunti ang bilang at mga kinukutya. Kung may kaunti man pong di pagkakaunawaan sa aming mga kapitbahay, sa gitna ng mga tao, sa gitna ng iglesya, o saan man, di nga kami makiki kompromiso sa ganoon. Di po namin dapat hayaang madumihan ang aming mga kasuotan ng mga bagay na 'yan sa sanlibutan, kahit kailan. Dahil Ikaw po'y paririto balang araw sa isang iglap, sa isang kisapmata, sa biglaan, na lihim na Pag-agaw sa Iyong Iglesya. Ikaw nga po'y paririto patungo sa burol pong ito ng panahon, papaba

rito sa pahalang na bahaghari, para agawin ang Iglesya, dahil sinabi ng Kasulatan, “Ang Pakakak ng Diyos ay tutunog. At ang mga namatay kay Cristo ay babangon. At tayo’y aagawin kasama sila, sa papawirin, para salubungin ang Panginoon, at para makapiling ang Panginoon magpakailanman. Kaya, aking mga kapatid, mangag-aliwan kayo sa mga salitang ito.”

¹⁷³ Iyo pong patagintingin ang bagay na ito sa kaibuturan ng mga puso ng kongregasyong ito sa umagang ito. Amin ngang pupurihin Ka sa Pangalan ni Jesus. Amen. 

ANG BIGLAANG, LIHIM NA PAG-ALIS NG IGLESYA TAG58-1012

(The Sudden, Secret Going Away Of The Church)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Oktubre 12, 1958 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org